Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa



# PATNUBAY SA MISA

25 Disyembre 2025 Pagmimisa sa Araw ng Pasko ng Pagsilang

# SI HESUKRISTO - DIYOS SA ATIN



***Isang Pinagpalang Pasko sa lahat!*** *Ito ang araw na pinakahihintay at pinaghahandaan natin nitong huling apat na linggo – ang paggunita sa pagsilang ng Anak ng Diyos bilang tao. Di kayang bigkasin nang sapat ang kahalagahan ng gayong pangyayari sa kasaysayan ng sangkatauhan. Sa katunayan, masasabi nating nang isilang si Hesukristo, walang anuman o sinuman ang tulad pa rin nang dati, pagkat sa kanya, ang Diyos ay naging kapatid ng bawat tao. Ang Anak ng Diyos na nagkatawang-tao ay naparito upang makibahagi sa ating mga problema, mga alalahanin, at mga mithiin upang tayo man ay makibahagi sa kapayapaan at buhay ng Diyos.*

*Buong-pusong nagpapasalamat, ialay natin nang lubos ang ating mga sarili sa Panginoon, lalo na sa pagdiriwang natin ng Eukaristiya ngayon.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Batang sa ati'y sumilang**
**ay anak na ibinigay**
**upang magharing lubusan,**
**taglay ang dakilang ngalang**
**Tagapayo ng Maykapal.**

***(Is 9, 6)***

### Pagbati

***P*–**Pagpalain ang Diyos na nagsugo sa Kanyang Bugtong na Anak upang maging isa sa atin. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat.

***B*– At sumaiyo rin.**

### Pagsisisi

***P*–**Natitipon ngayong Araw ng Pasko bilang mag-anak ng Diyos, hilingin natin sa Panginoong tayo'y patawarin sa ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat sa kanyang pagdating. *(Manahimik sandali.)*

***P* –**Naparito ka upang ipahayag sa amin ang pag-ibig ng Ama. Panginoon, kaawaan mo kami.

***B* –Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P* –**Naparito ka upang magdulot ng kapayapaan sa sanlibutan. Kristo, kaawaan mo kami.

***B* –Kristo, kaawaan mo kami.**

***P* –**Naparito ka upang aliwin ang mga nahahapis at itinatakwil. Panginoon, kaawaan mo kami.

***B* –Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B* –Amen.**

### Papuri

***B*–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataastaasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

### Panalanging Pambungad

*P* – Ama naming makapangyarihan, sa iyong kagandahang-loob kami'y iyong nilikha, at sa iyong pagtatangkilik kami'y iyong pinadakila. Sa pagkakatawang-tao ng iyong Anak, kami'y iyong itinuring na hindi na iba sa iyo. Makapamuhay nawa kami bilang mga kapatid niya na totoong maipagkakapuri mo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* – **Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

### Unang Pagbasa *Is 52, 7-10*

*Ang panawagang "sama-samang magsiawit" na unang ipinatungkol sa mga ipinatapon sa Babilonia bago sila nakabalik sa Jerusalem ay patungkol naman sa atin ngayon. Ang mga kaloob na kaligtasan at kapayapaan ni Hesus ay inihahandog ngayon sa lahat.*

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

**Magmula sa bundok, O kay gandang masdan ng sugong dumarating upang ipahayag ang magandang balita ng kapayapaan. Ipapahayag niya ang tagumpay at sasabihin: "Sion, ang Diyos mo ay hari."**

**Narito! Sisigaw ang nagbabantay, dahilan sa galak, samasama silang aawit; makikita nila ang Panginoon sa Sion ay babalik, magsiawit kayo, mga guhong muog nitong Jerusalem; pagkat ang hinirang ng Diyos na Panginoon ay kanyang inaliw, tinubos na niya itong Jerusalem. Sa lahat ng bansa, ang kamay ng Poon na tanda ng lakas ay makikita ng mga nilalang, at ang pagliligtas nitong ating Diyos tiyak na mahahayag.**

Ang Salita ng Diyos.
*B* – **Salamat sa Diyos.**

### Salmong Tugunan

***Sal 97, 1. 2-3ab. 3kd-4. 5-6***

*B* – ***Kahit saa'y namamalas, tagumpay ng Nagliligtas.***

*R. M. Velez*







* **Umawit ng bagong awit at sa Poon ay ialay, pagkat yaong ginawa n'ya ay kahanga-hangang tunay! Sa sariling lakas niya at taglay na kabanalan, walang hirap na natamo yaong hangad na tagumpay.** ***B.***

* **Ang tagumpay niyang ito'y siya na rin ang naghayag, sa harap ng mga bansa'y nahayag ang pagliligtas. Ang pangako sa Israel lubos niyang tinutupad.** ***B.***

* **Tapat siya sa kanila at ang pagibig ay wagas. Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay namalas! Magkaingay na may galak, yaong lahat sa daigdig; ang Poon ay buong galak na purihin sa pag-awit!** ***B.***

* **Sa saliw ng mga lira iparinig yaong tugtog, at ang Poon ay purihin ng tugtuging maalindog. Tugtugin din ang trompeta na kasaliw ang tambuli, magkaingay sa harapan ng Poon na ating hari.** ***B.***

### Ikalawang Pagbasa *Heb 1, 1-6*

*Narito ang isang magandang kabuuan ng lahat ng ating pinaniniwalaan tungkol kay Hesukristong Anak ng Diyos na nagkatawang-tao para sa ating kaligtasan.*

Pagbasa mula sa Sulat sa mga Hebreo

**Mga kapatid: Noong una, nagsalita ang Diyos sa ating mga ninuno sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta. Ngunit ngayon, siya'y nagsalita sa atin sa pamamagitan ng kanyang Anak. Sa pamamagitan ng Anak ay nilikha ng Diyos ang sansinukob at siya ang itinalaga niyang magmay-ari ng lahat ng bagay.**

**Ang Anak ang maningning na sinag ng Diyos, sapagkat kung ano ang Diyos ay gayon din ang Anak. Siya ang nag-iingat sa sansinukob sa pamamagitan ng kanyang makapangyarihang salita. Pagkatapos niyang linisin tayo sa ating mga kasalanan, siya'y lumuklok sa kanan ng Diyos, ang makapangyarihan sa lahat. At kung paanong higit na di-hamak ang pangalang ibinigay ng Diyos sa Anak, gayon din, siya'y higit na di-hamak sa mga anghel.**

**Sapagkat hindi kailanman sinabi ng Diyos sa sinumang anghel, "Ikaw ang aking Anak! Ako ang iyong Ama." Ni hindi rin niya sinabi sa kaninuman sa mga anghel, "Ako'y magiging kanyang Ama, at siya'y magiging Anak ko." At nang susuguin na ng Diyos ang kanyang bugtong na Anak sa sanlibutan ay sinabi niya, "Dapat siyang sambahin ng lahat ng anghel ng Diyos."**

Ang Salita ng Diyos.
*B* – **Salamat sa Diyos.**

### Aleluya

*B* – **Aleluya! Aleluya!
Banal na araw sumikat;
halina't sumambang lahat
sa nanaog na liwanag.
Aleluya! Aleluya!**

### Mabuting Balita *Jn 1, 1-18*

*Ang "Paunang Salita" ng Mabuting Balita ni San Juan ay nagbibigay-diin na ang taong si Hesukristo na isinilang ni Birheng Maria ay ang Walang-Hanggang Salita ng Diyos, na "kasama na ng Diyos sa simula pa." Siya ay naparito upang ipahayag sa atin ang pag-ibig ng Ama at bigyan tayo ng kakayahang maging mga anak ng Diyos.*

*P* – Sumainyo ang Panginoon.
*B* – **At sumaiyo rin.**

*P* – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
*B* – **Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Sa pasimula pa'y naroon na ang Salita. Kasama ng Diyos ang Salita at ang Salita ay Diyos. Kasama na siya ng Diyos sa pasimula pa. Sa pamamagitan niya nilikha ang lahat ng bagay, at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya. Mula sa kanya ang buhay, at ang buhay ay siyang ilaw ng sangkatauhan. Nagliliwanag sa kadiliman ang ilaw, at hindi ito kailanman nagapi ng kadiliman.**

**Sinugo ng Diyos ang isang tao na nagngangalang Juan. Naparito siya upang magpatotoo tungkol sa ilaw at manalig sa ilaw ang lahat dahil sa patotoo niya. Hindi siya ang ilaw kundi naparito siya upang magpatotoo**

**tungkol sa ilaw. Ang tunay na ilaw na tumatanglaw sa lahat ng tao ay dumarating sa sanlibutan.**

**Nasa sanlibutan ang Salita. Nilikha ang sanlibutan sa pamamagitan niya ngunit hindi siya nakilala ng sanlibutan. Naparito siya sa kanyang bayan ngunit hindi siya tinanggap ng kanyang mga kababayan. Ngunit ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos. Sila nga'y naging anak ng Diyos, hindi dahil sa isinilang sila ayon sa kalikasan, ni sa pita ng laman o sa kagagawan ng tao. Ang pagiging anak nila ay buhat sa Diyos.**

**Naging tao ang Salita at siya'y nanirahan sa piling natin. Nakita namin ang kanyang kapangyarihan at kadakilaan, puspos ng pag-ibig at katapatan. Tinanggap niya mula sa Ama ang kapangyarihan at kadakilaang ito bilang bugtong na Anak.**

**Nagpatotoo si Juan tungkol sa kanya. At ganito ang kanyang sigaw, "Siya ang tinutukoy ko nang aking sabihin, 'Ang darating na kasunod ko'y higit sa akin, sapagkat siya'y siya na bago pa ako ipanganak.' "**

**Dahil sa siya'y puspos ng pag-ibig, tayong lahat ay tumanggap mula sa kanya ng abut-abot na kaloob. Sapagkat ibinigay ang Kautusan sa pamamagitan ni Moises ngunit ang pag-ibig at ang katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Hesukristo. Kailanma'y walang nakakita sa Diyos, subalit ipinakilala siya ng bugtong na Anak – siya'y Diyos – na lubos na minamahal ng Ama.**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

***B* – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## Homiliya

## Sumasampalataya

***B* –** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya ***(Lumuhod sandali.)*** lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

## Panalangin ng Bayan

***P*–** Nagagalak ang ating mga puso ngayong Araw ng Pasko habang ginugunita natin ang Kapanganakan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo. Buong pananalig nating ipatungkol sa Diyos Ama, na nagbigay sa atin ng Kanyang Bugtong na Anak, ang ating mga kahilingan at sabihin sa Kanyang:

***B* – Amang mapagmahal, sumaamin Ka nawa.**

* Para sa Simbahang tahanan ng lahat ng mananampalataya: nawa magtamo siya ng kapayapaan at lumagong sagana ang kabanalan sa lahat ng kanyang mga kasapi. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa Santo Papa, ang mga obispo, mga pari, at sa lahat ng mga tumutulong sa kanila: nawa magdulot ang araw na ito ng kaligayahan sa kanilang mga puso at ng kinakailangang lakas sa paglilingkod sa Diyos. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga pinuno ng ating bansa at lahat ng kinasasalalayan ng kapalaran ng napakaraming tao: nawa patnubayan silang lagi ng kapayapaan, pagkakapatiran, at pakikipagkasundong dulot ng Pasko sa kanilang mga pagpapasiya. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga maysakit, matatanda, walang trabaho o tahanan, at lahat ng tila napapabayaan ng lipunan: Nawa malasap nila ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng pagkakaisa at pagkabukaspalad ng lahat ng mananampalataya. Manalangin tayo. ***B.***

***P* –** Panginoong Diyos, bukal ng aming kagalakan at kaligtasan, Ikaw ang dahilan ng aming pag-asa. Magdulot nawa ang Paskong ito sa aming mga puso ng pangmatagalang galak at kapayapaan hanggang sa ipagdiwang namin ito sa langit. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon na nabubuhay at naghaharing kasama Mo walang hanggan.

***B* – Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P* –** Manalangin kayo . . .

***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay, sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

***P* –** Ama naming Lumikha, ang paghahaing ito ngayong dakilang kapistahan ng Pasko ng Pagsilang ng iyong Anak ay iyong kalugdan bilang ganap na pagsamba at lubusang pakikipagkasundo namin sa iyo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen.**

## Prepasyo ng Pasko II

***P* –** Sumainyo ang Panginoon.

***B* – At sumaiyo rin.**

***P* –** Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

***B* – Itinaas na namin sa Panginoon.**

***P* –** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

***B* – Marapat na siya ay pasalamatan.**

***P* –** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Dating lingid sa ami'y naging hayag na kapiling. Dating kapiling mong ngayo'y naging kapwa namin. Sa amin ay nakikisama siyang mabuti upang sa piling mo ay maitampok niya kami. Ang sangkatauhang nawalay sa iyo noon ay kanyang ipinipisang muli sa iyo ngayon upang ang napinsala noong sanlibutan ay magkaroon ngayon ng bagong kaayusan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*–Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

***B*– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**

*P*– Hinihiling namin . . .

***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

*P*– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Nahayag sa sanlibutan**
**at namalas kahit saan**
**dito sa lupang ibabaw**
**ang kaligtasa't tagumpay**
**ng Panginoong Maykapal.**

***(Sal 98)***

### Panalangin Pagkapakinabang

*P*– Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong ang sumilang ngayong Tagapagligtas na nagdulot sa amin ng muling pagsilang sa iyong angkan ay siya rin nawang magkaloob ng muling pagkabuhay kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen.**

## PAGWAWAKAS

*P*– Sumainyo ang Panginoon.

***B*–At sumaiyo rin.**

*P*–Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. *(Tumahimik sandali.)*

–Nang siya'y naparito bilang tao, pinawi ng Anak ng Diyos ang kadiliman sa sanlibutan, at binihisan ang banal na araw na ito ng kanyang kaluwalha-tian. Nawa'y pawiin ng Diyos ng walang hanggang kabutihan ang kadiliman ng kasalanan at punuin ng liwanag ang inyong mga puso.

***B*–Amen.**

*P*–Isinugo ng Diyos ang Kanyang mga anghel sa mga pastol upang ibalita ang dakilang kagalakan sa pagsilang ng Tagapagligtas. Nawa magtamo kayo ng galak at kayo'y maging mga tagapagpahayag ng Kanyang Mabuting Balita.

***B*–Amen.**

*P*–Nang magkatawang-tao ang Salita, inilapit ang sanlibutan sa langit. Nawa pagkalooban Niya kayo ng kanyang kapayapaan, mabuting kalooban, at pakikiisa ng lahat ng nasa langit.

***B*–Amen.**

*P*–Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

***B*–Amen.**

*P*–Humayo kayo at ibahagi ang kagalakan ng Pasko sa lahat.

***B*–Salamat sa Diyos.**




WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# Kahilingan Ngayong Pasko



Nais ko sanang araw-
araw'y maging Pasko
Sa bawat sulok nitong
ating mundo.
Di-gaanong para sa mga
batian
o alaala ng tagpo sa sabsaban;
di rin dahil sa bakasyong
matagal-tagal
o kaya'y mga bonus at
masarap
na handaan . . .
Sa kabila ng dulot nilang
kasiyahan,
ang mga ito nama'y di siyang
diwa
ng Kapaskuhan.
Sila'y pawang "pambalot"
lamang
para itampok ang
kahalagahan
ng tunay na handog na
nilalaman.
Ang Pasko ay sadyang
nakahihigit
sa maaari nating gawin o
isipin.
Ang Pasko ay DIYOS SA ATIN.
Ang Pasko'y DIYOS KAPILING
NATIN.
Gayon ang tunay na
kamanghaang
tanging Siya lamang ang
may dulot.
At sa ganito Niyang
pagkakaloob,
sa kaibuturan ng ating mga
puso
tayo'y pinapagbabago't
pinalalago.
Iiba nga ang pakiramdam ng
mga tao
pagsapit na ng Pasko.
Lahat wari'y bumabait,
Masaya at mapagbigay.
Pati mga mandirigma'y
tigil-putuka't walang labanan;
Mga magnanakaw ay tumitigil
din
at kahit isang araw man
lamang
mga tao'y nagmamahalan.
Sukat nating isiping
paano kaya sa mundo
kung araw-araw ay Pasko?
Kung maaari nga lamang
Diwa ng Pasko'y pang-
matagala't
Ang dakilang araw ay
ipagdiwang
Makalawa . . . at makailang
ulit . . .
Hanggang kaya nating
bumilang . . . .
Pasko nga'y di para lamang
sa iisang araw.
kundi pampalagian . . . at
panghabambuhay!
Gayon ang plano ng Diyos
Nang ang Pasko'y Kanyang
"imbentuhin" –
Una, orihinal, at
pinakamagaling!
Kaya . . . nakalulungkot ngang
labis
Kung atin lamang iisipin
Kung paanong magandang
layunin
Ng Panginoon ay sukat
nating baguhi't
"Nag-imbento" ng mga
bagong
"pambalot" mandin
Hanggang tunay na
kahalagahan
nitong handog
Ay tuluyan na nga nating
malimot . . . .
Gayunman, naniniwala
akong
Maaari pa rin ang ilang
pagbabago
Upang bumuting muli itong
ating mundo.
Kaya, mahal naming Hesus,
Paunlakan mo sana sa
iyong Kaarawan
Itong amin ngayong
Pamaskong kahilingan –
Lahat ng buwa'y maging
Disyembre sana
At bawat araw ay
ikadalawampu't lima
Upang ganitong "panahon
ng pagmamahalan"
Ay maging patuloy at
palagian
nating pagdiriwang.
Sa gayon, lalaki't babae
Kayo at ako – lahat tayo'y
Magiging mga "taong
Pamasko"
Na nagpapasalamat nang
buong-puso sa Iyo
Sa lahat ng maraming
biyayang dulot Mo.

---


